

Respiratory Syncytial Virus (RSV) Preventive Antibody: *Ano Ang Kailangan Mong Malaman*

Bakit magbabakuna ng RSV preventive antibody?

Ang respiratory syncytial virus (RSV) preventive antibody ay maaaring maiwasan ang malubhang sakit sa baga na dulot ng RSV.

Ang RSV ay isang karaniwang respiratory virus na kadalasan ay nagdudulot ng mga sintomas na banayad, mala-sipon na mga sintomas ngunit makakaapekto rin sa baga. Maaaring kabilang sa mga sintomas ng RSV na impeksyon ang tumutulong sipon, pagbawas ng gana sa pagkain, pag-ubo, pagbahin, lagnat, o paghingang na mala-humuhuni.

Ang sinuman ay maaaring maimpeksyon ng RSV, at halos lahat ng bata ay magkakaroon ng impeksyon ng RSV sa panahon na ang mga ito ay 2 taong gulang. Kahit na ang karamihan sa mga bata ay gumaling mula sa impeksyon ng RSV paglipas ng isang linggo o dalawa, ang impeksyon ng RSV ay maaaring mapanganib para sa mga sanggol at ilang maliliit na bata, na nagdudulot ng hirap sa paghinga, mababang mga antas ng oxygen, at dehydration. Sa Estados Unidos, ang RSV ang pinaka-karaniwang sanhi ng bronchiolitis (pamamaga ng maliliit na daanan ng hangin ng baga) at pneumonia (impeksiyon ng baga) sa mga bata na mas bata sa 1 taon ang edad. Ang mga batang nagkakasakit ng RSV ay maaaring kailangang ipaospital, at ang ilan ay maaaring mamatay.

Preventive Antibodies ng RSV

Ang RSV preventive antibody (generic na pangalan na nirsevimab, trade name na Beyfortus) ay isang iniksyon na pumipigil sa malalang sakit na RSV sa mga sanggol at maliliit na bata. Ang mga antibody ay mga protina na ginagamit ng immune system ng katawan upang labanan ang mga nakakapinsalang mikrobyo. Tulad ng tradisyonal na mga bakuna, ang paghadlang na antibodies ay mga imyunisasyon na nagbibigay ng proteksyon laban sa isang partikular na pathogen. Kahit na ang dalawa ay mga pangbakuna, ang paraan ng pagbibigay ng imyunidad ng mga ito ay magkaiba. Ang nirsevimab ay isang imyunisasyon na nagbibigay ng antibodies direktso sa tumatanggap. Ang tradisyonal na mga bakuna ay mga imyunisasyon na nagpapasigla sa immune system na tumanggap upang makagawa ng antibodies.

Ang mga sanggol na isinilang sa loob ng panahon ng RSV (karaniwang sa taglagas hanggang tagsibol) ay dapat tumanggap ng imyunisasyon sa RSV sa loob ng 1 linggo matapos ipanganak. Ang karamihan sa mga sanggol na ang mga ina ay tumanggap ng bakuna sa RSV ay hindi na kailangang tumanggap din ng nirsevimab. Ang dalawa ay nagpoprotekta sa mga sanggol mula sa RSV sa pamamagitan ng pagbibigay ng antibodies, alinman mula sa ina papunta sa sanggol o direktso sa sanggol. Ang karamihan sa mga sanggol ay malamang na mangangailangan lamang ng proteksyon mula sa amin sa bakuna sa RSV ng ina o nirsevimab (hindi dalawa). Gayunpaman, maaaring may ilang sitwasyon kung saan ang nirsevimab ay irerrekomenda para sa sanggol matapos tumanggap ang ina ng bakuna sa RSV.

Ang mga sanggol na isinilang sa labas ng RSV na panahon na wala pang 8 buwan ay dapat tumanggap ng isang dosis ng Pagbabakuna sa RSV kaagad bago ang kanilang unang RSV na panahon (karaniwang sa taglagas), ngunit ang mga sanggol na walang pang 8 buwan na hindi pa tumanggap ng isang dosis ay maaaring tumanggap ng isang dosis sa anumang oras sa loob ng panahon.

Ang ilang sanggol at maliliit na bata na nasa mataas na panganib ng malubhang sakit na RSV ay maaaring mangangailangan ng isang dosis ng RSV antibody bago o sa panahon ng kanilang pangalawang RSV na panahon.

Ang RSV na panghadlang na antibodies ay maaaring ibigay nang sabay sa mga bakunang karaniwang inirerekomenda para sa mga sanggol at maliliit na bata.

Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan

Sabihin sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung ang taong tumanggap ng preventive antibody ay may:

- Kasaysayan ng malubhang allergic na reaksyon sa isang RSV na panghadlang na antibody (nirsevimab) o alinman sa mga komponent nito,
- Deperensiya ng pagdurugo, o
- Katamtaman o malubhang pagkakasakit.

Sa ilang mga kaso, ang tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak ay maaaring magpasya na ipagpaliban ang pagbibigay ng RSV na panghadlang na antibodies hanggang sa isang pagbisita sa hinaharap.

Ang mga taong may hindi malubhang sakit, tulad ng sipon, ay maaaring ligtas na tumanggap ng RSV na panghadlang na antibody. Ang mga taong may katamtaman o malubhang sakit ay karaniwang dapat maghintay hanggang sa sila ay gumaling.

Ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring mkapagbigay sa iyo ng higit pang impormasyon.

Mga panganib ng isang reaksyon sa RSV na panghadlang na antibodies

Pagkatapos makatanggap ng isang RSV na panghadlang na antibody, ang iyong anak ay maaaring magkakaroon ng pansamantalang pananakit, pamumula, pamamaga kung saan ibinigay ang iniksyon, o isang pantal.

Tulad ng anumang gamot, mayroong isang napakaliit na tsansa na ang Imyunisasyon sa RSV ay magdudulot ng isang matinding allergic na reaksyon, ibang malubhang pinsala sa katawan, o pagkamatay.

Ang allergic na reaksyon ay maaaring mangyari matapos umalis sa ospital o klinika ang iyong anak. Kung makakita ka ng mga palatandaan ng isang malalang allergic na reaksyon (hives, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, mabilis na pagtibok ng puso, pagkahilo, o panghihina), tumawag sa 9-1-1 at dalhin ang iyong anak sa pinakamalapit na ospital.

Tawagan ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung makakakita ka ng anumang ibang mga sintomas na nagbibigay ng alalahanin sa iyo.

Paano kung may isang malubhang problema?

Kung ang iyong anak ay nagkaroon ng RSV na panghadlang na antibody nang hindi tumanggap ng bakuna sa parehong oras, at naghihinala ka ng masamang reaksyon, ikaw o ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring magsumite ng ulat sa pamamagitan ng <https://www.fda.gov/medwatch> o sa pamamagitan ng telepono sa 1-800-FDA-1088.

Kung ang iyong anak ay nagkaroon ng RSV na panghadlang na antibody at ng isang bakuna sa parehong oras at naghihinala ka ng masamang reaksyon, ikaw o ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay dapat magsumite ng ulat sa [Vaccine Adverse Event Reporting System \(VAERS\) https://vaers.hhs.gov/](https://vaers.hhs.gov/) o tumawag sa [1-800-822-7967](https://www.fda.gov/medwatch). Sa iyong report, itala na ang iyong anak ay tumanggap ng Pagbabakuna ng RSV kasabay ng isang bakuna.

Tandaan: Ang MedWatch at VAERS ay para lamang sa pag-uulat ng mga reaksyon. Ang mga miyembro ng kawani ng MedWatch at VAERS ay hindi nagbibigay ng medikal na payo.

Paano ako matuto nang higit pa?

- Tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Bisitahin ang website ng U.S. Food and Drug Administration sa [Drugs@FDA: FDA-Approved Drugs](https://www.fda.gov/oc/medwatch).
- Makipag-ugnay sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
 - o Tawagan ang 1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO) o
 - o [Bisitahin ang website ng CDC https://www.cdc.gov/rsv/about/prevention.html](https://www.cdc.gov/rsv/about/prevention.html)

